

★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 32 ★

Ang bawat taga-California na nagtatrabaho nang hindi bababa sa isang buong oras na trabaho, 40-oras na lingguhang trabaho ay dapat magkaroon ng kakayahang tustusan ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Gayunpaman, may humigit-kumulang 2 milyong taga-California na nagtatrabaho nang buong oras, at higit pa, ngunit kumikita ng mas mababa kaysa \$18 kada oras. Karamihan sa mga taga-California na kumikita ng mas mababa kaysa \$18 kada oras ay mga pinuno ng kanilang mga sambahayan. Karamihan sa mga taga-California na kumikita ng mas mababa kaysa \$18 kada oras ay may mga anak.

Maaaring magkasundo tayong lahat na ang mga taga-California na masipag magtatrabaho, nagtatrabaho ng buong oras o higit pa, ay hindi dapat mamuhay sa kahirapan. Ngunit ganyan nga ang eksaktong pamumuhay ng milyon-milyong taga-California dahil ang kanilang sahod ay masyadong mababa upang makaya ang mahal na pamumuhay sa California.

Bukod pa rito, kapag ang mga masisipag na tao ay binabayaran ng sahod na hindi sapat upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay, ang mas malaking pasanin ay napupunta sa mga nagbabayad ng buwis upang punan ang pagkukulang na hindi tinutupad ng ilang korporasyon. Mali para sa lahat ng mga negosyo na tama ang pagtrato sa kanilang mga manggagawa na ang ilang korporasyon ay pinapayagang magbayad ng napakababang sahod sa mga taga-California kaya ang mga manggagawang iyon ay nangangailangan ng tulong na pinopondohan ng nagbabayad ng buwis. Ang mga nagbabayad ng buwis ay hindi dapat tumustos sa ilang korporasyon na pinipiling magbayad ng napakababang sahod at nagbibigay sa kanila ng kakayahang panatilihin ang natitira bilang labis na tubo para sa kanilang mga may-ari.

Sa pamamagitan ng pagtaas ng pinakamababang sahod sa \$18 kada oras, ang Proposisyon 32 ay magbibigay ng lubhang kinakailangang pagtaas ng sahod sa 2 milyong manggagawa sa California at lilikha ng mas masaganang sistema kung saan ang malalaking korporasyon ay hindi pinapayagangpagsamantalahan ang maliliit na negosyo, ang ating mga komunidad, at ang ating mga masisipag na kapitbahay.

Sa wakas, kapag mas maraming taga-California ang nakakuha ng patas na sahod para sa kanilang trabaho, ang ating buong ekonomiya ay magiging mas mahusay. Mas kayang bayaran ng mga nagtatrabahong tao ang kanilang renta, magbigay ng tatlong meal sa isang araw para sa kanilang mga anak, at ang lahat ng paggastos na iyon ay nagpapalakas sa ekonomiya ng ating mga lokal na komunidad. Ang pinalakas na paggastos na iyon ay lumilikha ng mas maraming trabaho sa ating mga komunidad, na nagpapahusay sa lahat.

Panahon na upang gawing abot-kaya para sa mga pamilyang nagtatrabaho ang California. Sa pamamagitan ng pagtaas ng pinakamababang sahod sa \$18, ang Proposisyon 32 ay direktang magpapabuti sa buhay ng 2 milyong taga-California na makakatanggap ng pagtaas ng sahod at magbubunsod ng mas maraming paggastos sa ating mga komunidad na pangunahing nangangailangan ng tulong na iyon. Ang pagpapalakas na iyon ay lilikha ng mas maraming trabaho at higit na kaunlaran para sa lahat.

BUMOTO NG OO SA PROP. 32!

Joe Sanberg, Tagapagtaguyod Laban sa Kahirapan

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 32 ★

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 32!

Ang mga panukala sa balota ay hindi dapat maging mga laruan para sa mga multimilyonaryo.

ISANG TAO LAMANG—ISANG MULTIMILYONARYO—ANG NASA LIKOD NG PROP. 32.

Isang tao lamang ang sumulat ng Proposisyon 32, gumastos ng milyon-milyon upang mailagay ito sa balota, at sumulat ng pangangatwiran para sa Prop. 32.

ANG MGA TAGAPAGTAGUYOD NG MALILIIT NA NEGOSYO AT ANG MGA PAMILYANG NAGTATRABAHO AY AYAW SA PROP. 32

Marami sa mga nangungunang boses ng California para sa mga pamilyang nagtatrabaho at maliliit na negosyo ay ayaw na mapasama ang Proposisyon 32 sa balota, ngunit ang isang may-akda na ito ay kailangang masunod ang kanyang gusto.

Kahit ang mga nangungunang tagapagtaguyod ng mas mataas na pinakamababang sahod ay hinimok siya na alisin ang Proposisyon 32 mula sa balota. Tumanggi siya.

Hindi dapat subukan ng isang tao na diktahan ang patakaran sa paggawa para sa 39 milyong taga-California, na ang tanging kwalipikasyon ay mayaman siya. Hindi nakapagtataka na ang Proposisyon 32 ay maraming depekto.

Pinipilit ng Prop. 32 ang maliliit na negosyo na **MAGTAAS NG MGA PRESYO**, na nagdaragdag sa implasyon at higit pang nagpapataas ng

halaga ng pamumuhay sa California. Nakakasakit iyon sa mga pamilyang nagtatrabaho!

Ang Prop. 32 ay nagpapataas ng gastos para sa estado at mga lokal na pamahalaan ng BILYON-BILYON, na nangangahulugang magbabawas sila ng mahahalagang serbisyo at magtataas ng mga buwis.

Ang Prop. 32 ay **NAGPAPABABA NG BILANG NG MGA TRABAHO**, na may pinakamalaking epekto sa mga kabataan at mga taong may kulay na nagsisikap magsimula ng karera sa mga trabahong pangsimula. Iyan ang dahilan kung bakit ang mga lider sa buong California na dating sumuporta sa mga pagtaas ng pinakamababang sahod ay nagbago ng pananaw at humiling na pabagalin ang mga ito.

At ang Prop. 32 ay nagpapalala sa lalong nagiging kumplikadong mga batas sa pinakamababang sahod sa California, na nagdudulot ng kalituhan sa pareho ng mga manggagawa at may-aring maliit na negosyo.

Ang Prop. 32 ay tila isang proyekto ng ego, hindi isang tunay na solusyon para sa mga nagtatrabahong taga-California.

Alamin ang mga katotohanan sa StopProp32.com.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 32!

Jot Condie, Pangulo

Asosasyon ng Restawran ng California

Jennifer Barrera, Pangulo

Kamara ng Komersiyong California

Ron Fong, Pangulo

Asosasyon ng mga Grocer ng California

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 32 ★

BUMOTO NG HINDI sa PROPOSISYON 32.

ANG PROPOSISYON 32 AY NAGPAPATAAS NG IYONG PERSONAL NA GASTOS; PINAPALALA ANG MALAKING KAKULANGAN SA BADIYET NG CALIFORNIA; PINAPARUSAHAN ANG MALILIIT NA NEGOSYO; NAGPAPABABA NG BILANG NG MGA TRABAHO; AT NAKAKASAKIT SA MGA MISMONG MANGGAGAWA NADAPAT NITONG TULUNGAN.

ANG PROPOSISYON 32 AY NAGPAPALALA NG ATING KAKULANGAN SA BADIYET NG BILYON-BILYON BAWAT TAON AT INILALAGAY SA PANGANIB ANG PAGPOPONDO PARA SA PAMPUBLIKONG KALIGTASAN AT EDUKASYON

Katatapos lang maranasan ng California ang \$50 bilyong kakulangan sa badyet. Maraming lungsod at county ang nahaharap din sa malalaking kakulangan. Ang independiyenteng pagsusuri sa pananalapi ng Proposisyon 32 sa parehong pamphlet ng balota ay nagsasabing ang pagtaas ng pinakamababang sahod ay malamang na magdulot ng bilyon-bilyong dolyar na gastos sa estado at mga lokal na pamahalaan BAWAT TAON.

Ito ay nangangahulugan ng dalawang bagay. Ikaw ay magbabayad ng mas mataas na mga buwis upang punan ang diperensiya at mga pagbawas sa mahahalagang programa tulad ng K-12 na edukasyon, pampublikong kaligtasan, pangangalagang pangkalusugan, at pagtulong sa mga taong walang tirahan na makaalis sa mga kalye.

ANG PROPOSISYON 32 AY NAGPAPATAAS NG MGA PRESYO PARA SA MGA TAGA-CALIFORNIA SA PANAHOONG LUBOS NA HINDI NATIN ITO MAKAKAYA

Ang halaga ng pamumuhay sa California ay masyadong mataas. Tumaas ng higit sa 20% ang mga presyo sa nakalipas na tatlong taon para sa pagkain, gas, mga utilidad, pangangalagang pangkalusugan, at damit. Ang Proposisyon 32 ay nagpapalala pa ng sitwasyon dahil tataas ang mga gastos ng mga negosyong pag-aari ng pamilya na hindi kayang bayaran ito at mapipilitan ang maliliit na employer na magtaas ng presyo para sa mga mamimili upang masakop ang mas mataas na pinakamababang sahod. Dahil sa bagong batas sa pinakamababang sahod para sa fast-food sa California, tumaas ng 7% ang mga presyo ng fast-food sa California sa loob ng anim na buwan, ang pinakamabilis sa bansa. Ang ilang kilalang “mga pagkain na may halaga” ay nagkakahalaga na ngayon ng higit sa 40% sa California kaysa sa ibang bahagi ng bansa.

Ang Prop. 32 ay nagdudulot ng mga pagtatakda ng rekord na pagtaas ng presyo sa maliliit na restawran, grocery store, convenience store, maliliit na tindahan, mga magsasaka, at ibapa, kaya makikita natin ang parehong pagkabigla sa presyo kahit saan.

ANG PROPOSISYON 32 AY MAKAKASAMA SA MALILIIT NA NEGOSYONG PAG-AARI NG PAMILYA

Ang Proposisyon 32 ay nagpapataw ng parehong mataas na pinakamababang sahod sa maliliit na negosyo tulad ng sa malalaking korporasyon. Ang maliliit na negosyo ay mas madaling maapektuhan ng mas mataas na gastos na ito at maaaring mapilitang magsara ang mga negosyong pag-aari ng pamilya sa ating mga kapitbahayan at komunidad.

ANG PROPOSISYON 32 AY NAGDUDULOT NG PAGKAWALA NG TRABAHO

Ang pagtataas muli ng pinakamababang sahod ay parang isang bagay na makakatulong sa mga manggagawang nagpupumilit na mabuhay. Sino ba namanangayaw na mas malaki ang sweldo ng mga manggagawa? Nakakaramdam tayo ng kasiyahan kapag iniisip natingnakakatulongtayo sa kapwa nating taga-California.

Ngunit nakumpirma na ang realidad, ang pagtaas ng pinakamababang sahod, lalo na kung itataas natin ito nang MASYADONG MABILIS, ay nagdudulot ng libu-libong pagkawala ng trabaho, at kapag nawalan ng trabaho ang isang manggagawa, o nagsara ang kompanya, ang sahod ay ZERO DOLLARS KADA ORAS. At ang pagkawala ng trabaho na ito ay higit na nakakaapekto sa ating mga mahihinang populasyon, lalo na sa mga kabataang Aprikano-Amerikano, Latino, at mga manggagawang hindi nakapag-aral sa kolehiyo na naghahanap ng kanilang unang trabaho na humaharap sa mga pinakamalaking pasanin.

Alamin ang mga katotohanan sa *StopProp32.com*, at bumoto ng HINDI SA PROPOSISYON 32!

Jot Condie, Pangulo
Asosasyon ng Restawran ng California

Jennifer Barrera, Pangulo
Kamara de Komersiyo ng California

Ron Fong, Pangulo
Asosasyon ng mga Grocer ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 32 ★

Ang OO sa PROPOSISYON 32 ay nangangahulugang PAGTAAS ng sahod para sa mga SERBISYO, MAHAHALAGANG MANGGAGAWA, AT IBA PANG MANGGAGAWA upang matulungan silang matustusan ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay.

Ang OO sa PROPOSISYON 32 ay nangangahulugang PAGTAAS ng sahod para sa MGA-SOLONG INA upang matulungan silang matustusan ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay.

Ang OO sa PROPOSISYON 32 ay nangangahulugang PAGSASARA ng AGWAT ng SAHOD sa KASARIAN para sa mahigit isang milyong babaeng manggagawa.

Ang mga produkto at serbisyong binibili mo ay naging mas mahal dahil ang mga KORPORASYON AY KUMIKITA NG REKORD NA MGA KITA! ANG MGA MARGIN NG KITA NG KORPORASYON AY TUMAAS NG 100% mula noong taon 2000. Ang STOCK MARKET ay paulit-ulit na nakagawa ng ALL-TIME HIGHS ngayong taon.

Ang mga TAGALOB NG KORPORASYON na KIKITA NG MAS MARAMING PERA SA PAGPAPANATILING MABABA ANG MGA SAHOD ay nagsisikap

na kumbinsihin kayo na ang pagtaas ng pinakamababang sahod ay magpapataas ng halaga ng pamumuhay, ngunit ito ay mali. Ang rekord na margin ng kita ng korporasyon ang siyang nagpataas ng halaga ng pamumuhay. Ngayon, kailangan nating ITAAS ANG PINAKAMABABANG SAHOD UPANG MATULUNGAN ANG MGA MANGGAGAWA SA SERBISYO, MAHAHALAGANG MANGGAGAWA, MGA SOLONG INA, at iba pang MANGGAGAWANG TAGA-CALIFORNIA na MATUSTUSAN ANG MGA PANGUNAHING PANGANGAILANGAN SA BUHAY.

OO sa PROP. 32!

Matuto pa sa: *livingwageact.com*

Ada F. Briceño, Ka-Pangulo
UNITE HERE Lokal 11

Nanette Barragán, Kongresista
Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S., Ika-44 na Distrito ng California

Saru Jayaraman, Pangulo
Isang Patas na Sahod